

LISTOS CALIFORNIA

MGA TIP PARA SA PAGHAHANDA SA EMERHENSIYA



MANATILING LIGTAS SA SMATITINDING BAGYO

Ang pagpapalano nang maaga para sa matitinding bagyo ang ang pinakamainam na paraan upang matiyak ang kaligtasan ng lahat. Sa matitinding bagyo, maaari kang makaranas ng malalakas na hangin, pagbaha, at pagkawala ng kuryente sa loob ng maraming araw. Maging handa, manatiling may kamalayan sa mga kondisyon sa iyong paligid, at manatiling may alam upang mapanatiling ligtas ka at ang mga taong iyong pinapahalagahan.



Manatiling May Alam

- Mapagkukunan ang lokal na pamahalaan at iba pang lokal na balita ng pinakabagong impormasyon tungkol sa mga kondisyon sa iyong lugar.
- Gamitin ang mga opisyal na channel ng TV, radyo, at serbisyong pang-emerhensiya ng county upang makuha ang impormasyong iyong kailangan upang maging ligtas. Patuloy na makinig para sa mga update. Huwag aalis sa iyong tahanan o kung saan ka tumutuloy maliban kung sasabihin sa iyo ng mga awtoridad na ligtas nang gawin ito. Kung sasabihin nila sa iyong lumikas sa lugar, sundin ang kanilang mga tagubilin.
- Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya (listoscalifornia.org/alerts) upang matulungan kang malaman kung kailan mananatili sa iyong kinaroroonan kasama ang Stay Box ng mahahalagang supply o kung kailan ang oras para kunin ang iyong Go Bag at lumipat sa mas ligtas na lugar.



Paghandaan ang Pagbaha at Manatiling Ligtas sa Panahon ng Pagbaha

- Ang pagbaha ay maaaring mabilis na mabuo, mangyari kahit saan, at makatangay ng karamihan sa mga bagay na nasa landas nito. Bigyang-pansin ang mga ulat ng panahon. Maaaring humantong ang malakas na pag-ulan sa pagbaha ng tubig at putik.
- Maghandang ilikas ang lahat ng tao at hayop sa mas mataas na lugar kung iuutos ito.
- Kung nakulong ka sa loob dahil sa tubig baha, lumipat sa mas matataas na palapag o bubong, pero huwag sa mga attic. Tumawag sa 9-1-1.
- Huwag kailanman magmamaneho sa mga binahang lugar. Papalutangin ng isang talampakan - **o 12 pulgada** - ng tubig ang maraming sasakyan.
- Manatili sa loob ng iyong sasakyan kung hindi ito makaalis sa mabilis at rumaragasang tubig. Kung maaari, subukang pumunta sa iyong bubong kung tataas ang tubig sa loob ng sasakyan.
- Huwag maglalakad sa umaagos na tubig. Ang kahit **anim na pulgada** lang ng tubig ay maaaring mapatumba ka. Kadalasang hindi mo masasabi kung gaano ito kalalim o kung ano ang itinatago ng tubig.
- Para sa iyong kaligtasan, huwag magmamaneho o maglalakad sa mga binahang lugar at mga lugar na may mga natumbang puno. Maaaring may mga natumbang linya ng kuryente sa mga lugar na ito. Palaging ipagpalagay na nakakakuryente at mapanganib ang mga natumbang linya ng kuryente. Tumawag sa 9-1-1 upang mag-ulat ng mga natumbang linya.
- Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada. Ginagamit ng mga lokal na taga-respondang mga ito upang ligtas na idirekta ang trapiko palayo sa mga binahang lugar o kung naharangan o sarado ang mga kalsada dahil sa gumuhong semento o tipak ng matitigas na bagay.
- Kapag mabilis na naipon ang tubig sa lupa, maaaring magbaha ng putik. Bantayan ang mga pagbaha ng putik sa mga lugar na may matatarik na dalisdas at runoff, konstruksyon, mga nasunog na lugar at mga nakatabing poste ng telepono, puno, o bakod.



LISTOS CALIFORNIA

MGA TIP PARA SA PAGHAHANDA SA EMERHENSIYA




MANATILING LIGTAS SA MATITINDING BAGYO



Paghandaan ang Malalakas na Hangin at Manatiling Ligtas sa Panahon ng Malalakas na Hangin

- Kapag inaasahan ang malalakas na hangin, tanggalin ang anumang patay na puno o nakasabit na sangang malapit sa mga istruktura, maluluwag na materyales sa bubong, at mga bagay sa mga bakuran, patio, bubong, o balkonahe na maaaring tangayin.
- Bago bumagyo, idikit nang mabuti ang mga bagay sa labas na tulad ng mga kasangkapan sa damuhan o mga basurahan na maaaring tangayin at magdulot ng pagkasira o pinsala.
- Kung nagmamaneho ka habang malalakas ang hangin, bumagal! Magpanatili ng ligtas na distansya mula sa mga sasakyan sa mga linya sa tabi mo at bantayan ang mga bagay na naihip ng hangin sa kalsada.
- Kung nasa labas ka sa panahon ng malalakas ang hangin, humanap kaagad ng masisilungan. Lumayo sa mga puno at linya ng kuryente, at bantayan ang mga lumilipad na bagay.
- Mag-ingat sa mga natumbang linya ng kuryente sa panahon ng malalakas na hangin. Huwag kailanman hahawakan ang o magmamaneho sa nahulog na linya ng kuryente. Kung may mahuhulog na linya ng kuryente sa iyong sasakyan, tumawag sa 911 at manatili sa loob hanggang sa maalís ito ng mga sinanay na tauhan.



Paghandaan ang Pagkawala ng Kuryente at Manatiling Ligtas sa Panahon ng Pagkawala ng Kuryente

- Ang mga bagyong nagdadala ng malalakas na hangin at pagbaha ay maaari ring magdulot ng mga natumbang linya ng kuryente at pagkawala ng kuryente. Paghandaan ang anumang medikal na pangangailangan na umaasa sa kuryente at maghanda ng sapat na tubig at pagkain na hindi kailangang palamigin para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan para sa hindi bababa sa tatlong araw.
- Mag-sign up para sa mga alerto mula sa iyong kumpanya ng kuryente para maabisuhan ka tungkol sa mga pagkawala ng kuryente.
- Ganap na i-charge ang mga backup na baterya, maghandang panatilihing malamig ang mga gamot, at naka-charge ang mga medikal na aparato.
- Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na aparato, gumawa ng personal na plano sa sakuna kasama ang pamilya at mga tagapag-alaga para sa kung paano matutugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente.
- Panatilihing nakasara ang mga freezer at refrigerator. Gumamit ng mga cooler na may yelo kung kinakailangan.
- Gumamit ng generator sa labas lamang, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Sa loob ng bahay, maaaring makapatay ang nakakalasang tambutso nito sa ilang minuto.

